

[Petsa]

[Pangalan ng Landlord]

[Address ng Landlord]

Re: Kahilingan sa Makatuwirang Kaluwagan para sa Mas Mahabang Panahon upang Sumunod sa Tatlong Araw na Abiso upang Lunasan o Bumitiw para kay [Pangalan ng Nangungupahan, Address at Numero ng Apartment]

Minamahal na [Landlord],

Ang sulat na ito ay nagsisilbi bilang isang pormal na kahilingan sa makatuwirang kaluwagan ukol sa Tatlong Araw na Abiso upang Lunasan o Bumitiw na may petsang [petsa ng abiso], kung saan hiniling mo sa akin na... [maikling ipaliwanag kung ano ang hinihiling ng iyong landlord na gawin mo. Halimbawa, maaaring hinihiling ng iyong landlord na sumunod ka sa inyong kasunduan sa pag-upa sa pamamagitan ng pagtanggap ng iyong personal na pag-aari mula sa pangkaraniwang mga lugar, atbp.] Hinihiling ko na bigyan mo ako ng hanggang [buwan/araw/taon] upang sumunod sa abiso bilang isang makatuwirang kaluwagan dahil sa aking kapansanan.

Ako ay isang taong may [pisikal, kalusugang pangkaisipan] na kapansanan. [Mangyaring tandaan na hindi mo kailangang magbigay ng tiyak na diagnosis kung hindi mo gusto.] Bilang resulta ng aking kapansanan, nahihirapan akong sumunod sa abiso sa maikling panahon dahil... [Ipaliwanag kung bakit hindi mo kayang sumunod sa abiso sa loob ng tatlong araw at kung paano nauugnay sa iyong kapansanan ang paghiling ng mas mahabang panahon.] Halimbawa, maaaring nakaapekto ang iyong kapansanan sa iyong kakayahang maglakad, magbuhat ng mabibigat na mga bagay, o kumpletuhin ng ibang mga gawain at aktibidad. O maaaring ang iyong kapansanan sa kalusugang pangkaisipan ay nakaapekto sa iyong kakayanang bumangon sa kama o kailangan mo ng panahon upang ayusin ang iyong mga medikasyon. Maaaring kailangan mo ng panahon upang maghanap ng isang taong tutulong sa iyo, tulad ng tagapag-alaga, miyembro ng pamilya, o manggagawa sa kaso.] Dahil dito, kailangan ko ng mas mahabang panahon upang sumunod sa abiso bilang makatuwirang kaluwagan.

Bilang tagapagbigay ng pabahay na nagpapatakbo ng maramihang pamilya na pabahay, ikaw ay napapailalim sa Pederal na Batas sa Makatarungang Pabahay (FHAA, Federal Fair Housing Act), at ng Batas sa

Makatarungang Trabaho at Pabahay sa California (California Fair Employment and Housing Act). Labag sa parehong pederal at pang-estadong mga batas sa makatarungang pabahay na magdiskrimina ang isang tagapagbigay ng pabahay laban sa mga taong may kapansanan. Tingnan ang 42 U.S.C. § 3604; Kodigo Gov't Code §§ 12927, 12955. Inaatasan ng FHAA ang mga tagapagbigay ng pabahay na “gumawa ng makatuwirang mga kaluwagan sa mga panuntunan, patakaran, kasanayan, o serbisyo” upang mabigyan ang taong may kapansanan ng “pantay na pagkakataon na gamitin at matamasa ang tirahan.” 42 Kodigo ng Estados Unidos (U.S.C., United States Code) § 3604(f)(3)(A); 24 Kodigo ng Pederal na mga Regulasyon (C.F.R., Code of Federal Regulations) § 100.204(a); *Giebeler v. M & A Assocs.*, 343 F.3d 1143, 1146 (9th Cir. 2003). Partikular na, ang FHAA ay “nagpapataw ng nagpapatibay na tungkulin sa mga landlord na makatuwirang mapaunlakan ang mga pangangailangan ng [mga taong may kapansanan]’ hindi lamang sa mga nangangasiwang patakaran na namamahala sa mga renta,” tulad ng mga patakarang namamahala sa pagtatapos ng pag-upa sa inuupahang mga pag-aara. *Giebeler*, 343 F.3d at 1146-1147; *United States v. California Mobile Home Park Mgmt. Co.*, 29 F.3d 1413, 1416 (9th Cir. 1994) (“Mobile Home I”).

Bilang pagtatapos, ako ay isang taong may kapansanan na nangangailangan ng mas maraming oras upang sumunod sa Tatlong Araw na Abiso upang Lunasan o Bumitiw bilang isang makatuwirang kaluwagan. Mas partikular, humihiling ako na bigyan mo ako hanggang sa [buwan/petsa/taon]. Kung hindi mo maipagkaloob ang aking kahilingan, inaatas ng batas sa makatarungang pabahay na sumali ka sa interactive na proseso kasama ko upang subukang maabot ang isang kaluwagan na makatutugon sa aking mga pangangailangan na nauugnay sa kapansanan.

Dahil sensitibo sa oras ang sitwasyon, humiling ako ng isang tugon sa iyo sa lalong madaling panahon. Maaari mo akong maabot sa [impormasyon sa pakikipag-ugnayan].

Mangyaring malaman na ang labis na pagkaantala sa pagtugon sa isang kahilingan sa makatuwirang kaluwagan ay maaaring ipakahulugan bilang isang pagtanggì. Ang kabiguan ng landlord na magbigay sa isang kahilingan sa makatuwirang kaluwagan ay maaaring magamit bilang isang nagpapatibay na pagtatanggol sa isang kilos na labag sa batas na pananatili.

Taos-puso,

[Pangalan]